

5 mga bagay na magagawa mo upang maghanda sa pagpapatala

1. Bumisita sa HealthCare.gov

Alamin pa ang tungkol sa Pamilihan ng Segurong Pangkalusugan, pati na ang Medicaid at ang Programa para sa Segurong Pangkalusugan para sa mga Bata (CHIP).

2. Tanungin ang iyong tagapag-empleyo kung ito ay nag-aalok ng segurong pangkalusugan.

Kung ang iyong tagapag-empleyo ay hindi sinasamantala ang Programa para sa mga Pangkalusugang Pagpipilian ng Maliliit na Negosyo (SHOP), o nag-aalok ng pangkalusugang pangsakop, maaaring mangailangan ka ng pagsakop sa pamamagitan ng Pamilihan o iba pang pinagkukunan.

3. Gumawa ng listahan ng iyong mga katanungan bago dumating ang panahon para ka pumili ng iyong planong pangkalusugan.

Halimbawa, "Puwede ba akong manatili sa kasulukuyan kong doktor?" o kaya "Sasakupin ba ng planong ito ang mga gastos ko na pangkalusugan kung ako ay naglalakbay?"

4. Ipunin ang pangunahing impormasyon tungkol sa iyong sambahayang kita.

Kakailanganin mo ang mga impormasyon sa pinagkakakitaan katulad ng mga nakukuha mo sa iyong W-2, papel ng suweldo, o ulat sa buwis.

5. Ihanda ang iyong badyet.

Maraming iba-ibang uri ng plano ng pangkalusugan para matugunan ang kasarian ng mga pangangailangan at mga badyet. Kailangan mong malaman kung magkano ang kaya mong gastusin sa mga hulog sa bawat buwan, at kung magkano ang gusto mong bayaran na mula-sa-bulsa para sa mga inireresetang gamot o mga serbisyong medikal.



Ang Pamilihan ng Segurong Pangkalusugan



Ang mga pagpipiliang segurong pangkalusugan

Ang Pamilihan ay isang paraan upang makakita ng pangkalusugang pagsakop na ukma sa iyong badyet at tutugon sa iyong mga pangangailangan. Sa isang aplikasyon, makikita mo ang lahat ng iyong mga pagpipilian at makapagpatala. Maaari kang mag-aplay para sa pribadong seguro, Medicaid, o CHIP.

Ang bawat planong pangkalusugan sa Pamilihan ay nag-aalok ng pare-parehong itinakdang mahalagang mga pangkalusugang benepisyo, kasama na ang mga pagbisita sa doktor, pangangalagang panghadlang, pagpapa-ospital, mga inireresetang gamot, at marami pa. Maaari mong paghambingin ang mga plano batay sa presyo, mga benepisyo, kalidad, at iba pang mga katangian na mahalaga sa iyo bago ka gumawa ng pagpili.

Mga plano ng seguro na pinapalakad ng mga pribadong kompanya

Ang mga plano ng seguro na iniaalok sa pamamagitan ng Pamilihan ay pinapatakbo ng mga pribadong kompanya. Kahit saan ka nakatira, maaari mong paghambingin ang iyong mga pagpipiliang pangkalusugang pagsakop sa Pamilihan at makita kung ano ang iyong hulog, maibabawas, at mula-sa-bulsang gastos bago ka gumawa ng desisyon na magpatala.

Mayroong mga proteksiyon para sa iyo at sa iyong pamilya. Ang mga plano ng seguro ay hindi maaring tanggihan ang iyong pagsakop dahil sa mga kondisyon na naroon na o mga kondisyon na di-gumagaling gaya ng kanser o diabetes, at hindi nila masisingil ng magkaibang mga hulog ang babae at lalaki.

Kumuha na bawas sa gastos

Kapag ginamit mo ang Pamilihan maaari kang makakuha ng kredito sa buwis upang mapababa ang gastos mo sa iyong buwanang hulog at mula-sa-bulsang mga gastos. Kapag nag-aplay ka, malalaman kung magkano ang iyong matitipid. Karamihan sa mga taong nagpatala ay maaring maging kuwalipikado sa ilang mga uri ng mga katipiran.

Alamin ang Pamilihan

Bumisita sa Healthcare.gov upang makakuha ng mga kasagutan sa iyong mga katanungan at magpatala para sa mga bagong email tungkol sa Pamilihan. Maaari mo ring tawagan ang Sentro ng Tawagan ng Pamilihan ng Segurong Pangkalusugan sa 1-800-318-2596. Ang mga gumagamit ng TTY ay kailangang tumawag sa 1-855-889-4325.

Kapag nag-umpisa ang Bukas na Pagpapatala, maaari kang pumunta sa Pamilihan at mag-aplay para sa pangkalusugang pagsakop, paghambingin ang lahat ng iyong mga pagpipilian, at magpatala sa isang plano.

Kung ikaw ay kuwalipikado para sa Espesyal na Panahon para sa Pagpapatala dahil sa mga pagbabago sa iyong buhay gaya ng pag-aasawa, pagkakaroon ng sanggol, pagkawala ng ibang pagsakop, o paglilipat, maaari kang mag-aplay sa pagsakop sa labas ng Bukas na Pagpapatala. Maaari ka ring mag-aplay para sa Medicaid at CHIP kahit kailan sa buong taon, at gamitin ang parehong aplikasyon.

Ang Bukas na Pagpapatala para sa pagsakop sa 2017 ay magsisimula sa Nobyembre 1, 2016 at magtatapos sa Enero 31, 2017. Magpatala ng Disyembre 15 upang ang iyong bagong pagsakop ay magsimula sa Enero 1.